NSW HEALTH
July 2005
[DOH-7600]

FILIPINO

Tuberkulosis
Tuberculosis

ANO ANG TUBERKULOSIS?

- Ang Tuberkulosis (TB) ay isang sakit na bunga ng impeksiyon ng bakterya (mikrobyo) *Mycobacterium tuberculosis*.
- Ang TB ay maaaring makasira sa baga o sa ibang bahagi ng katawan ng tao at maging sanhi ng malubhang sakit.

PAANO ITO KUMAKALAT?

- Ang TB ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin kung ang taong may TB sa mga baga o lalamunan ay umubo, bumahin o nagsalita, at nagkakalat ng mikrobyo sa hangin.
- Kung malalanghap ng ibang tao ang mga mikrobyong ito, maaari silang mahawa.
- Karamihan sa mga tao ay nakakakuha ng mikrobyo ng TB sa palagiang kasama nila, tulad ng miyembro ng pamilya o kaibigan.
- Ang TB ay *HINDI* ikinakalat ng mga gamit sa bahay (tulad ng mga kutsilyeria, mga babasagin, baso, mga damit o telepono) kaya hindi kailangang gumamit ng hiwalay na mga gamit sa bahay.

ANO ANG PAGKAKAIBA NG IMPEKSIYONG TB AT SAKIT NA TB?

Ang Impeksiyon ng TB: ang mikrobyo ng TB ay nasa loob ng katawan ngunit "**hindi aktibo"**. Sa karamihan ng kaso, ang panlaban ng katawan sa sakit ang siyang pumipigil sa mga mikrobyo. Ngunit, ang mga mikrobyo ay maaaring manatiling buhay sa **hindi aktibong** kalagayan.

- Habang ang mga mikrobyo ng TB ay **hindi aktibo**, wala silang masisira, o maikakalat sa ibang tao. Ang tao ay maaring **"may impeksyon"**, pero walang sakit. Sa karamihan (90 porsyento ng mga tao) ang mga mikrobyo ay nananatiling hindi aktibo. Makikita ang impeksiyon sa pamamagitan ng positibong resulta ng Test Tuberkulin sa Balat (Tuberculin Skin Test).

Ang sakit na TB: kahit lumipas na ang maraming taon, ang **hindi aktibong** mikrobyo ng TB ay maaaring maging **aktibo** kung humina ang depensa ng katawan. Ito ay maaaring dahilan ng katandaan, malubhang sakit, pangyayaring nagdulot ng sama ng loob, maling paggamit ng droga o alkohol, impeksiyon ng HIV (ang bayrus na nagiging sanhi ng AIDS) o ibang mga kalagayan.

- Kung ang hindi aktibong mikrobyo ng TB ay **naging aktibo**, maaaring magkaroon ng sakit na TB.
- Mga 10 porsyento lamang ng mga tao na naimpeksyon ng mga mikrobyo ng TB ang magkakaroon ng sakit na TB.
- Ang mga taong may TB sa mga baga at lalamunan ay *maaaring makahawa* sa iba.
- Sa karamihan ng kaso, matapos ang dalawang linggong pag-inom ng gamot, ang taong may sakit na TB ay hindi na makapagkakalat ng mga mikrobyo ng TB.
- Ang mga taong may TB sa ibang bahagi ng katawan ay *hindi* nakakahawa.

ANO ANG MGA SINTOMAS?

Maaaring magkaroon ng TB ang alinmang bahagi ng katawan, ngunit karaniwan ito ay nasa baga. Ang mga taong may TB ay maaaring magkaroon ng ilan o lahat ng mga sumusunod na sintomas:

- Pag-ubo na tumatagal ng mahigit na tatlong linggo
- Mga lagnat
- Hindi maipaliwanag na pamamayat
- Pagpapawis sa gabi
- Palaging napapagod
- Nawawalan ng ganang kumain
- May dugo ang dura

- Pananakit/o pamamaga ng mga apektadong bahagi ng katawan kung ang TB ay nasa labas ng mga baga.

Ang ilang tao na may aktibong sakit na TB ay maaaring magkaroon lamang ng hindi malubhang mga sintomas.

SINO ANG MGA NANGANGANIB?

- Ang mga taong matagalang nakikipag-usap sa isang taong may nakahahawang TB sa baga o sa daluyan ng paghinga.
- Ang mga taong:
  - May kanser, kasama na ang mga may sakit na limpoma at sakit ni Hodgkin (Hodgkin's Disease)
  - Ang mga umiinom ng gamot na nakakaapekto sa sistema ng kanilang depensa sa pagkakasakit (tulad halimbawa ng mga gamot na corticosteroids, cyclosporin o chemotherapy
  - Mayroong HIV/AIDS
  - Matagal nang maysakit na nakakaapekto sa sistema ng kanilang depensa sa sakit.

PAANO ITO MAPIPIGILAN?

- Ang mga taong may TB sa mga baga ay pinagsasabihang magtakip ng kanilang ilong at bibig kung sila ay bumabahin
- Ang mga taong may nakahahawang TB sa kanilang baga ay ibinubukod hanggang hindi na sila makahawa
- Ang ilang tao na nalamang may impeksiyon ng TB ay bibigyan ng gamot na makapipigil sa sakit
- Ang pagbibigay ng bakunang BCG laban sa nakamamatay na uri ng TB sa mga batang maglalakbay sa ibang bansa na kung saan ang TB ay karaniwan. Ang BCG ay *hindi* pangkalahatang ibinibigay sa NSW.

PAANO ANG PAGDADAYAGNOS?

Para sa TB sa mga baga:
- Isang eksrey ang makapagsasabi kung ang sakit na TB ay nakaapekto sa mga baga
- Isang pagsusuri ng dura ang magsasabi kung mayroong mga mikrobyo ng TB sa dura sa pag-ubo
- Kung hindi maaaring dumura sa pag-ubo, ibang test ang maaaring kakailanganin.

Para sa TB sa labas ng mga baga:
- Mga test tulad ng bayopsi sa karayom, pagpahid sa sugat, ispesimen sa pag-titistis o sampol ng ihi sa umaga ay maaaring makatulong sa pagdadayagnos ng TB.

PAANO ITO GINAGAMOT?

- **Ang impeksyon ng TB:** maaaring ipag-utos ng doktor ang pag-inom ng isang kurso ng mga gamot (terapeutikong panlaban) o sundan ito ng regular na eksrey.
- **Ang Sakit na TB:** ay ginagamot sa pamamagitan ng pinagsamang mga natatanging antibayotik sa loob ng anim na buwan. Isang nars sa klinika sa baga ang siyang magbabantay sa inyong pag-inom ng mga antibayotik sa TB upang tingnan kung may anumang masamang epekto at tiyakin na ang paggagamot ay natapos.
- Ang mga taong may TB ay maaaring gumaling kung makukumpleto ang panggagamot.
- Ang mga taong may sakit na TB ay maaaring makabalik sa normal na gawain, habang ginagamot, kung sila ay hindi na nakahahawa.
- Kung ang isang tao na may TB ay hindi iinom ng gamot, maaaring lumubha ang kaniyang karamdaman, at maaari pang mamatay.

PARA SA DAGDAG NA IMPORMASYON

- Kausapin ang inyong lokal na Klinika sa Baga o kumunsulta sa doktor ng pamilya.
- Ang lahat ng pagsusuri at paggagamot ng TB ay ibinibigay nang libre at kompidensiyal sa mga klinika sa baga.
- Ang reperal ng isang doctor ay *HINDI* kailangan upang pumunta sa isang klinika sa baga.
- *HINDI* kailangan ang pangangalaga ng Medicare.

Kasama sa mga Serbisyo ng Klinika sa Baga ang pangangalaga at pamamahala ng mga pasyente na may TB at ang lahat na kailangang pagsusubaybay sa sakit.

NSW HEALTH
July 2005
[DOH-7600]

MGA KLINIKA SA BAGA NG NSW

Mga Klinikang Metropolitan: **Metropolitan Clinics:**		**Numero ng Telepono** **Telephone No.**
Central Sydney	Canterbury Hospital	9787 0162
	Concord Hospital	9767 5675
	Royal Prince Alfred Hospital	9515 8846
Northern Sydney	Hornsby Hospital	9477 9317
	Manly Hospital	9976 9542
	Royal North Shore Hospital	9926 7905
South Eastern Sydney	Prince of Wales Hospital	9382 4636
	St George Hospital	9350 2503
	St Vincent's Hospital	8382 3876
	Sydney Hospital	9382 7535
South Western Sydney	Liverpool Hospital	9829 4888
Wentworth	Nepean Hospital	4734 2536
Western Sydney	Parramatta Health Services	9843 3110

Mga Klinikang Rural: **Rural Clinics:**		
Central Coast	Gosford Hospital	4320 3388
Far West	Broken Hill Hospital	(08) 8080 1317
Greater Murray	Wagga Wagga Centre of Public Health	6933 9125
	Griffith Community Health Centre	6966 9900
Hunter	John Hunter Hospital	4921 3372
Illawarra	Wollongong Hospital	4253 4138
Macquarie	Dubbo Centre of Population Health	6841 2345
Mid Western	Orange Base Hospital	6393 3480
Mid North Coast	Coffs Harbour Health Campus	6656 7855
	Port Macquarie Health Centre	6588 2755
	Taree Health Centre	6592 9625
New England	Tamworth Base Hospital	6768 3392
Northern Rivers	Lismore Base Hospital	6620 2280
Southern	Bega Community Health Centre	6492 9620
	Cooma Community Health Centre	6455 3201
	Goulburn Community Health Centre	4827 3913
	Narooma Community Health Centre	4476 2344
	Queanbeyan Community Health Centre	6298 9233
	Young Mercy Care Centre	6382 1111

NSW Department of Health:

73 Miller Street,
North Sydney NSW 2059

Tel (02) 9391 9000
Fax (02) 9391 9101
TTY (02) 9391 9900

NSW Health website: **www.health.nsw.gov.au**